**ICT Aralin 4 – MGA NEGOSYO NA MAARING PAGKAKITAAN SA TAHANAN AT SA PAMAYANAN ( IKALAWANG LINGGO )**

## I. NILALAMAN

Natatalakay ang mga negosyo na maaring pagkakitaan sa tahanan at sa pamayanan. Natatalakay ang mga paraan upang maitayo ang ninanais na negosyo.

## II. LAYUNIN

- Natutukoy ang mga negosyong maaaring pagkakitaan sa tahanan at pamayanan.
- Naibabahagi ang sariling karanasan sa pagbili

## III. PAKSANG ARALIN

**Paksa:** Mga negosyong maaring pagkakitaan sa tahanan at pamayanan.

**Sanggunian:** K to 12 – EPP5IE-0b-4

**Kagamitan:** larawan ng mga negosyong maaring pagkakitaan , larawan ng isang tingiang tindahan

## IV. PANIMULANG PAGTATASA:

Itanong sa mga mag-aaral ang mga sumusunod:

- Napansin mo ba na ang bawat negosyo ay laging gumagamit ng mga salitang may personal touch?
- Anu-ano ang naranasan mong mga pangyayaring may personal touch kapag ikaw ay bumibili sa isang restawran?

## V.PAMAMARAAN:

A. PAGGANYAK

1. Awitin at isakilos sa tono ng Leron Leron Sinta ang awiting TINDAHAN NI INAY

**Tindahan ni Inay**

Sa aming pamayanan
May tingiang tindahan,
Sariwa ang karne,hipon,
pusit, isda
mga prutas at gulay

pawang makukulay
mayroon ding pansahog
na mga pampalusog.

2. Itanong sa mgamag-aaral kung anu-ano ang nabanggit na paninda ni inay?Bakit ito ang itinitinda ni inay?Paano itinitinda?Marami kaya ang bumibili?Ano ang tawag sa tindahang ito? Magpakita ng larawan ng mga negosyong maaaring pagkakitaan sa pamayanan o tahanan.

B. PAGLALAHAD

Hatiin ang mga mag-aaral sa tatlong pangkat.

**Gawain A**-Tanungin ang mga mag-aaral kung sino ang may tindahan sa kanila, anu-ano ang inyong paninda? naranasan na ba nila na bumili sa tindahan sa kanilang pamayanan?Anu-ano ang inyong nabili?Paano kayo pnagsilbihan bilang mamimili o kliyente?

**Gawain B**-Tukuyin kung alin sa mga negosyo na nasa larawan ang maaaring pagkakitaan sa pamayanan at sa tahanan?Anu-ano ang mga serbisyong iniaalok/itinitinda?

**Gawain C-**Kapanayamin ang miyembro ng grupo kung anu-ano ang mga negosyong mapagkakakitaan sa knilang pamayanan o sa sariling tahanan. Ipaulat kung anu-ano ang mga panindang mayroon dito.Ano sa palagay ninyo ang mga mahahalagang Gawain sa pamamahala ng isang tindahan ang marapat tandaan at isabuhay. Isulat sa manila paper ang bawat kasagutan at iulat ng lider sa klase.

C. PAGPAPAILALIM NG KAALAMAN

Mahahalagang Gawain Sa Pamamahala Ng Tindahan

Sa pag-unlad ng tindahan, ang sumusunod ay kailangang malaman at isabuhay:

1. Maayos at malinis na pananamit
2. Pamimili ng mga ititinda
3. Pagsasaayos ng paninda

D. PAGSASANIB

- May maidadagdag pa ba kayong Gawain sa pamamahala ng tindahan?Magbigay ng lima at ilagay ito sa scroll-up graphic organizer

E. PAGLALAHAT

- Pangkatin ang klase sa tatlo. Pumili ng isang negosyong pagakakitaan sa pamayanan at sa tahanan.Isadula kung paano maipakiita ang pamamahala nito.
- Sumulat ng tatlo hanggang limang pangungusap tungkol dito.Ipahayag sa klase ang mga pangungusap na nabuo.

**VI. PAGTATAYA:**

Ipasagot sa mga mag-aaral ang gawin natin A at B na makikita sa LM pahina__.

**VII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN**

1. Magmasid sa inyong pamayanan at itala ang mga tindahan o negosyong pagkakakitaan na makikita dito at ang uri ng mga paninda.
2. Pumili ng isa sa naitalang tindahan at apanayamin ang namamahala. Itanong at iulat sa klase:
    a. Sino ang may ari ng tindahan?
    b. Ano ang pangunahing paninda?Bakit ito ang iyong napiling paninda?
    c. Paano ipinagbibili ang paninda?
    d. Ano ang nagagawa ng tindahan sa kanilang pamilya?

**LM-ICT Aralin 4 – MGA NEGOSYO NA MAARING PAGKAKITAAN SA TAHANAN AT SA PAMAYANAN**

**LAYUNIN:**

- Nasasabi at natutukoy ang salitang may personal touch
- Natutukoy ang mga negosyong maaaring pagkakitaan sa tahanan at pamayanan.
- Naibabahagi ang sariling karanasan sa pagbili

ALAMIN NATIN

May dlawang paraan para magaroon ng sariling negosyo:

1.pag prodyus ng isang produkto galing sa pinagkukunang –yaman,

2. pagkakaloob ng serbisyo kapalit ng kabayaran

A. Basahin at pag-aralan ang usapan.

Kumusta?Magandang umaga. Pasok po kayo.

1. 

Salamat! Magaling ang iyong ginawa.

2.(larawan ng mag-ama)

Ako nap o ang gagawa para sa inyo, Sir.

3.(larawan ng mag-aaral na lalaki)

Para sa inyo po ito.Salamat sa pagpunta.

4.(larawan ng mga mag-aaral

Ma'am, naiwan po ninyo ang bag ninyo.

5.(larawan ng bata at guro)

Tanong:

Ano ang napansin sa usapan? Anong kaugalian ang ipinakikita ng nagsasalita?

Ang mga salitang ito ay ang mga nararapat na sagot ng isang batang magalang,matulungin,totoo,marunong magpasalamat,magbigay halaga sa nagawang serbisyo.
Sa simpleng usapan, napansin mo ba na ang bawat negosyo ay laging gumagamit ng mga salitang may personal touch?Dahil ang mamimili ay kailangang masayahan sa produkto o serbisyo.

**LINANGIN NATIN**
Magmasid at alamin ang iba't ibang sitwasyon:
Gawain A.**Bumuo ng tatlong pangkat**
Unang Pangkat-I sulat sa manila paper ang naranasan sa isang tindahan/fastfood na restaurant
Ikalawang Pangkat-Isadula kung paano maipakiita ang pagsisilbi sa mga mamimili o kliyente sa isang tindahan/fastfood restaurant
Pangatlong Pangkat-Isulat sa manila paper ang magagandang katangian ng isang negosyo at mga salita na nagging trademark o identity
Ipahayag sa klase. Talaayin ang tungkol sa isinadula isinadula.
**Gawain B**-Tukuyin kung alin sa mga negosyo na nasa larawan ang maaaring pagkakitaan sa pamayanan at sa tahanan?Anu-ano ang mga serbisyong iniaalok/itinitinda?

| Uri ng Negosyo | Anu-anong negosyo ang iniaalok? |
|---|---|
| 1.beauty parlor | 1.____________________________<br>2.____________________________<br>3.____________________________<br>4.____________________________<br>5.____________________________ |
| 2.pagawaan ng sapatos/payong | 1.____________________________<br>2.____________________________<br>3.____________________________<br>4.____________________________<br>5.____________________________ |
| 3. eatery/restaurant | 1.____________________________<br>2.____________________________<br>3.____________________________<br>4.____________________________<br>5.____________________________ |

| |
|---|---|
| 4.tingiang tindahan | 1.____________________________<br>2.____________________________<br>3.____________________________<br>4.____________________________<br>5.____________________________ |
| 1.laundry shop | 1.____________________________<br>2.____________________________<br>3.____________________________<br>4.____________________________<br>5.____________________________ |

**Gawain C-**Kapanayamin ang miyembro ng grupo kung anu-ano ang mga negosyong mapagkakakitaan sa kanilang pamayanan o sa sariling tahanan. Ipaulat kung anu-ano ang mga panindang mayroon dito.Ano sa palagay ninyo ang mga mahahalagang Gawain sa pamamahala ng isang tindahan ang marapat tandaan at isabuhay. Isulat sa manila paper ang bawat kasagutan ng katulad ng nasa ibaba at iulat ng lider sa klase.

| Uri ng negosyo | Itinitinda/serbisyo | Mahalagang Gawain sa pamamahala |
|---|---|---|
| 1.<br><br>2.<br><br>3.<br><br>4.<br><br>5. | | |

**TANDAAN NATIN:**

Ang pangunahing Gawain ng negosyong nagbibigay serbisyong maypersonal touch ay ang pagbibigay ng komportable at kasiya siyang paglilingkod.

Mga halimbawa ngnegosyong maaaring pagkakitaan sa pamayanan at tahanan: pagkain,pagawaan ng sirang gamit, parlor/barber shop, tingiang tindahan, laundry shop, at iba pa.

**GAWIN NATIN:**

**A**,Isulat ang T ung tama at M ung mali ang isinasaad sa pangungusap.

1.Ang pagawaan ng sirang gamit ay negosyong maaring pagkakitaan sa pamayanan o sa tahanan.
2.Lahat ng mamimili ay dapat komportable at nasisiyahan sa serbisyo.
3.Maari ring pagkakitaan sa tahanan ang isang negosyong patahian.
4.Ang isang negosyo ay dapat may personal touch.
5. Matulungin,matapat at mabilis sa serbisyo ang inaasahan sa mga empleyadong nasa negosyong panserbisyo.

**B.**Paghambingin ang hanay A at B.Pagtapatin ang magkatugma .Isulat ang titik ng tamang sagot**.**

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. Electrical shop | a.pag-aayos ng bahay |
| 2.School bus services | b.pananahi ng damit |
| 3.Home carpentry | c.pagsundo at hatid sa eskwela |
| 4.Tahian ni Tasya | d.pag-aayos ng sirang gamit |
| 5.Vulcanizing shop | e.pag-ayos ng gulong |

## I. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN

1. Magmasid sa inyong pamayanan at itala ang mga tindahan o negosyong pagkakakitaan na makikita dito at ang uri ng mga paninda.
2. Pumili ng isa sa naitalang tindahan at apanayamin ang namamahala. Itanong at iulat sa klase:
   a. Sino ang may ari ng tindahan?
   b. Ano ang pangunahing paninda?Bakit ito ang iyong napiling paninda?
   c. Paano ipinagbibili ang paninda?
   d. Ano ang nagagawa ng tindahan sa kanilang pamilya?